

1

“Where’s that phone—ouch!” nakangiwing usal ni Adelle sabay bunot ng kanang kamay mula sa bag kung saan niya kinapa ang kanyang cellphone. Natusok ng kung ano ang middle finger niya. Paper clip marahil or stapler. Sinipat niya ang daliri. Namula lamang iyon, pero masakit.

Tumigil na sa pagri-ring ang cellphone. Inayos na lamang niya sa balikat ang bag at patakbong tinungo ang magsasara nang pinto ng elevator. Nakita siya ng nasa loob kaya ito na mismo ang pumigil sa pagsasara ng pinto. Nakahinga siya nang maluwag.

“Thank you,” sincere niyang turan kasunod ang asset niya sa sales—ang di-matatawarang tamis ng ngiti na ang sabi ng mga kasamahan niya ay siyang dahilan kung bakit napapa-sign niya ng downpayment check ang kliyente pagkatapos ng tripping sa property na binebenta niya.

Isa siyang top selling property consultant sa kilalang real estate company. Nasa kalakalan na siya ng pagbebenta simula pa man noong nag-aaral pa lamang siya. Kaya naman hasa na si Adelle sa larangang iyon. Idagdag pa ang mukha at katawang

asset rin niya, na ayon sa mga katrabaho niya, ay siyang dahilan kung bakit ang mga lalaking kliyente niya, kahit hindi interesadong bumili kapag inalok niya ng tripping sa site ay nakukumbinsi niya. Hindi dahil nais ng mga itong makita ang lugar, kundi dahil nais na makasama siya.

But having such stunning appearance had the disadvantage, too. Una, kahit wala siyang gawin, napakadaling ma-attract sa kanya ang mga kalahi ni Adan. Katunayan, hindi iilang beses na may kliyenteng nag-alok sa kanyang mag-party—mga kilalang condo units or expensive suites ang lugar, alam na niya ang ibig sabihin niyon. And the worst of all the indecent offers: maging kept woman, kapalit ng financial security. Lahat ng mga iyon taas-noo niyang tinanggihan.

Narito si Adelle sa Maynila para kumita nang sa ganoon ay maitaguyod niya ang buong pamilya. Moderno at liberated siya kung manamit. More often than not, showing flesh—cleavage, long legs and slender soft-skinned shoulders, dahil kailangan iyon sa trabaho niya. Hindi siya maaaring magdamit-manang dahil tiyak na mag-e-evaporate lahat ng kliyente niya!

Ngunit ang totoo ay conservative siya talaga.

Pinalaki siya ng mahipit at makalumang lola sa mga konserbatibong values.

Mula noong bata pa siya ay hinubog siya nito sa pangaral at taglay niya sa isip at puso ang mga iyon. Kaya naman sa maraming taon ni Adelle sa Manila, her grip on morality was still strong despite the modern and liberated environment she was in.

She do not condemn nor judge women with different views, buhay nila iyon anyway. Basta siya, panghahawakan niya ang mga bagay na kanyang pinaniniwalaan.

The man whom she had given her friendliest smile sneezed aloud. Marahil ay ‘excuse me’ sana ang sasabihin nito na hindi natuloy dahil mula itong napahatsing. Hinagilap niya sa bag ang facial tissue at inabot dito.

“Thanks,” he said and sneezed again. Noon niya lamang napansing basang-basa ito. Hindi naman umuulan sa labas. Bakit kaya basa ito?

“Sipon na ‘yan, Attorney,” magaan niyang sabi nang ibalik na nito ang natirang facial tissue.

“Mukha nga,” kaswal na sagot nito nang magkasunod na silang lumabas sa elevator.

Nakasanayan na niya ang pormal na anyo nito at ang napakatipid na mga salita. Mag-iisang taon na siya sa condo, pero sa loob ng mga panahong iyon, hindi niya pa nakausap nang higit sa sampung minuto ang abogadong kapitbahay.

Atty. Keith Montalvo. The guy living next door. Sa katunayan, tinulungan pa nga siya nitong maglipat ng mga gamit niya noon. Iyon nga lang, bukod sa pagtango, wala na siyang narinig na salitang anuman. Maybe, he was a man of few words. Very reserved ang personality, iyon ang impresyon ni Adelle rito. Intimidating pa ang anyo. Lalo pang dumagdag sa seryosong anyo ang salaming suot.

Humigit-kumulang anim na talampakan marahil ito; malaking bulas at maganda ang tindig. Tuwina ay seryoso, hindi marunong ngumiti. May kutob siyang nagagawa nitong takutin ang witness nang walang anumang sinasabi.

Sa lahat ng mga lalaking nakilala niya, ito na marahil ang pinaka-unfriendly. Madalas niya itong nakakasabay sa elevator, pero pakiramdam ni Adelle ay mula ito sa ibang planeta kaya ayaw makisalamuha sa normal na tao sa earth. But remembering how he offered help without words when she moved in, she concluded that behind the tough and serious looks

was a kind man.

Kaya naman sa bawat sandaling nakakasabay niya ito sa hallway o sa elevator ay siya na lamang ang nagpapasimula ng usapan. At lagi na ay tipid ang mga salita nito.

“Hindi naman umuulan sa labas, di ba?” basag niya sa katahimikan nang magkasabay na silang naglalakad sa hallway ng tenth floor. Napahatsing itong muli. “Bad cold, I should say,” aniyang pabiro.

“Yeah,” sabi nito. “I traveled out-of-town. Inabutan na ako ng ulan, nasiraan pa ako sa daan.”

Nasa tapat na sila ng kani-kanyang unit nang mga sandaling iyon. Gumalaw lamang ang sulok ng labi ni Keith—that was how he smiled, munting kibot lamang ng mga labi at lagi na ay mapanglaw ang mga mata.

“Baka mauwi sa lagnat iyan, Attorney,” ani Adelle bago isinuksok ang susi ng pinto. “Just knock if you need help.”

Nasa kalagitnaan ng pagluluto si Adelle nang maulinigan niyang muli ang tunog ng kanyang cellphone. Iyon marahil ang caller kanina na hindi

na niya nagawang tingnan dahil battery drained na iyon. Pagkatapos magbihis ay isinaksak na muna niya ang charger bago lumabas ng silid para harapin ang pagluluto ng hapunan.

Nagpatuloy ang pagri-ring kaya nagpasya siyang iwan na muna ang niluluto niyang sinigang na hipon at sagutin ang tawag. Si Drew lamang pala, property consultant rin ito at manliligaw niya na paulit-ulit na niyang binasted, pero hindi pa rin sumusuko.

Napabuga siya ng hangin sa ere at binitawan ang cellphone. Hindi niya gustong makipag-usap sa kahit na sino. Mas gusto pa niyang magluto at kumain nang marami mamaya, kaysa pakinggan ang pambobola ng lalaking iyon na walang epekto sa kanya—tulad ng lahat ng lalaking nagpapakita ng interes sa kanya.

Not that she was a man-hater, she just happened to lose her trust on men... in general. Maybe she was being judgemental. Nilalahat niya ang mga lalaki dahil sa pagkakamali ng ilan. Bakit hindi? Iniwan sila at ipinagpalit ng kanyang ama sa ibang babae—isinisi niya sa ginawa nito ang maagang kamatayan ng inay niya. Ikalawa, isa sa mga pinsan niya, binuntis ng isang lalaki at tinakasan ang responsibilidad. Ikatlo, isa sa mga mayamang acquaintances niya, nalulong sa drugs dahil sa depression nang ipinagpalit ng

pinakamamahal na fiancé sa iba.

Hindi siya tumanggap ng relasyon o kahit mag-entertain ng bagong manliligaw mula pa man. She rejected every suitor and focused on her job instead. Madali lamang iyon para sa kanya.

Maybe trusting them was the problem. She could not find the courage and strength to trust, knowing that in one way or another, they would betray her.

Kasalukuyang naghahanda na si Adelle ng mesa para maghapunan nang makarinig siya ng mahinang katok sa pinto. Wala namang itinawag na bisita niya ang guard sa lobby ng condominium.

Inilapag na muna niya ang mangkok ng sinigang na hipon sa mesa bago tinungo ang pinto. Pasado alas nueve na ng gabi. Kailan pa nangahas mangatok ng ganitong oras ang mga kapitbahay niya?

She unlocked the door and slowly opened it. Nanlaki ang mga mata niya nang mabungaran ang abogadong kapitbahay na nakasandal pala sa dahon ng pinto niya kaya nang buksan niya iyon ay kamuntik nang mabuwal.

“Attorney?” tawag niya sa atensyon nito nang

mapansing tila groggy ito at anumang oras ay mabubuwal. Umungol lamang ito; nakapikit ang mga mata at sapo ang noo. “Oh, God! Are you okay?”

Eksakto lamang ang pagdalo niya dahil nabuwal na ito kung hindi niya naagapang hawakan. Naudlot ang paghinga niya sa bigat nito nang payakap niyang isandal muli sa dahon ng pinto ang malapad na likod nito.

“God,” naiusal niya nang maramdaman ang temperatura ng katawan nito. “Inaapoy ka ng lagnat!” Nilukob si Adelle ng pag-aalala. Naghanap siya ng tao sa paligid subalit wala ni isa roon. Sarado ang lahat ng pinto.

“C’mon.” Isinampay niya ang isang braso nito sa kanyang balikat at iginiya ito papasok sa sariling silid. Nagdedeliryo na marahil ito sa taas ng lagnat kaya umungol na lamang. Pero naging masunurin naman ang mga paa nito. Nang ilapag niya ito sa kama ay bumagsak pa siyang kasama nito.

“Ang bigat mo!” reklamo niya habang inaayos ang mga braso at paa nito sa kama. Napabuntong-hininga siya habang tinutunghayan ang anyo nito. Naka-shorts na lamang ito at sando. Mabuti na lamang at nagawa nitong magbihis bago inapoy ng lagnat.

“Hay, kalbaryo ng mga namumuhay mag-isa,” kausap na lamang niya sa sarili bago tinungo ang aircon at hininaan iyon. “Kapag nagkasakit, walang tagapag-alaga. Nasaan ba kasi ang girlfriend mo at hindi mo tinawagan ha, Attorney?”

Hinila ni Adelle ang comforter at kinumutan ito. Lumabas na siya ng silid pagkatapos. Tinawagan niya ang kakilalang doctor bago lumabas at pumasok sa kabilang unit.

Nasa sofa lamang ang susing kailangan niya. Matapos iyong kunin, ini-lock niya ang pinto ng unit ng abogado at bumalik na sa sariling bahay. Tumuloy siya sa kusina. Nagugutom na rin siya. Sumubo na lamang siya nang ilang beses.

Kailangang kumain ni Keith nang sa ganoon pagdating ng doctor ay iinom na lamang ito ng gamot at makakapagpahinga na.

“Dapat pala hindi ko sinabing katukin ako kung kailangan ng tulong,” kausap niya sa sarili na napapangiti. “Kumatok nga, may pasyente tuloy ako nang wala sa panahon.” Naglagay siya ng kanin sa pinggan at mainit na sabaw bago tumuloy sa silid. Inilapag niya sa mesita ang tray.

“Attorney? Gising!” Nang hindi ito tumugon sa

tawag niya ay sinabayan na niya ng yugyog sa balikat at tapik sa mukha.

God, nakakamatay ba ang cuarenta na temperatura?

Umungol ito. Nabuhayan siya ng loob. Ipinagpatuloy ang pagyugyog.

“Attorney... gising!” Umungol itong muli at nakahinga nang maluwag si Adelle nang magmulat ito ng mga mata. “Salamat naman, akala ko, napa’no ka na.” Ngumiti siya at naupo sa gilid ng kama. “Kailangan mong kumain. Tumawag na ako ng doctor.”

Nakita niyang mariin itong pumikit bago nagtangkang bumangon subalit bumagsak muli sa kama. Walang salitang lumapit siya, dinampot ang dalawang huge pillows niya at inilagay sa harap ng headboard. Halos mapugto ang hininga ni Adelle nang tulungan niya itong maibangon. Ilang pounds ba ang lalaking ito? Napabuga siya ng hangin sa ere nang sa wakas ay maisandal niya ito sa headboard. Inabot niya ang pinggan ng pagkain at sinubuan ito. Masunurin naman ito, tinatanggap ang bawat subo niya.

“Sabaw,” aniya at sinubuan ito ng tinutukoy.

“Kailangan mo ito para pagpawisan ka. Forty na yata ang lagnat mo,” aniya habang patuloy sa pagsubo. Tahimik lamang ito. Akmang susubuan pa niya ito nang umiling na. Inalalayan na lamang niya itong uminom ng tubig. Pagkatapos ay tinalikuran na niya upang ibalik sa kusina ang mga pinagkainan nito.

“Attorney?” nag-aalalang sabi niya nang pabalik niya sa silid ay maabutang halos sumubsob na ito sa toilet bowl. He was throwing up!

Agad niya sana itong dadaluhan, pero sumenyas itong huwag siyang lumapit. Napako siya sa tapat ng kama habang naaawang pinagmamasdan ito. Nasaan na ba ang doctor? Mas marami pa yata ang nailabas ni Keith kaysa sa kinain.

Pagkalipas ng ilang sandali ay latang-lata itong tumayo. Kaagad siyang kumuha ng malinis na face towel sa cabinet. Sumusuray ito habang pabalik sa kama at doon ibinagsak ang sarili. Mariing nakapikit ang mga mata nito.

Walang salitang tinuyo niya ang mukha at dibdib nito. Mabuti na lamang at hindi sensitive ang sikmura ni Adelle kung hindi ay baka nasuka na siya sa harap nito dahil sa amoy. Kinalma na lamang niya ang sarili, ayaw niyang isipin nitong nandidiri siya.

“Kailangan mong magpalit ng damit, Attorney.” Tumayo siya at nagtungo sa cabinet. Naghanap siya ng oversized shirt, iyon na lamang ang ipampapalit niya kaysa lumipat pa siya sa kabila at pangahasan ang mga gamit ng binata.

Muli niya itong inalalayang bumangon. Masunurin naman ang mga braso nito nang hubarin niya ang sandong suot nito. Napalunok siya nang ganap na lumaya sa manipis na tela ang katawan nito. Wala siyang malisya sa isip, pero nagsimula siyang makaramdam ng pagkaasiwa.

Never in her wildest imagination na nakita niya ang sarili sa ganitong sitwasyon. She had never allowed any man to be this close. Na nasasamyo na niya ang mabangong amoy ng buhok nito!

2

“I’m cold...” paungol na bulong ni Keith na nagpapatlag sa kanya. Ilang segundo na pala ang lumipas na nakatitig lamang siya nang tagos sa dingding. Nilamon siya ng iniisip kanina. Muli siyang napalunok at dagling kumilos.

“Sorry, h-here.” Nanginginig na yata ang mga palad niya habang binibihisan ito ng t-shirt. Tanging si Keith lamang ang lalaking pinayagan niyang mahiga sa kanyang kama. Ito rin lang ang tanging lalaki—na ibang tao sa kanya ang inasikaso niya nang ganito.

Their ties were not even as tight as close friends have. But then, here she was, taking care of this sick hunk lawyer.

Hunk, yes. Ngayon niya lamang napansin iyon. Alam niyang malaking bulas ito at maganda ang tindig. Pero sa tuwinang nakikita niya ito ay laging naka-business suit. At ngayon niya lamang ito nakita nang topless.

Napalunok siyang muli. Hindi niya inaasahang maaapektuhan siya sa perpektong built ng mga balik at nito o sa malapad na dibdib kung saan naroon

ang mga mumunting balahibo. And goodness! Sa halip na fats ay muscles ang nagyayabang sa hubad nitong itaas. He was so male—devastating sexy male!

And even his soft breathings, ang pagtaas-baba ng dibdib ay iba na rin ang dating sa kanya. Parang gusto niyang pagpawisan kahit naka-aircon ang silid.

Adelle immediately despised the thought. Wala sa sariling napalakas ang paghila niya sa t-shirt upang matakpan na ang katawan nito. Natitiyak niyang isusumpa siya nito kapag nalaman ang ginagawa niyang pagmamasid sa hubad nitong katawan.

Lalo pa at wala ito ni katiting na interes sa kanya. Siguro, hindi ang uri ng ganda niya ang nakakatawag sa atensyon nito. Spanish mestiza siya; umano ay namana niya sa mga great grandparents niya. Malalim at malamlam ang itim na itim niyang mga mata. Naturally curled ang eyelashes niya, ang ilong niya, litaw na litaw ang magandang tangos at ang labi niya, pouting and cherry red even without lipstick. Ang buhok niya, mahaba at itim na itim.

Nakasanayan na niyang napapatitig sa kanya ang mga lalaking kanyang nasasalubong o di kaya ay napapaligon. Pero hindi si Keith, na kahit sulyapan siya ay bihirang gawin.

Sa hitsura niya ay madalas siyang mapagkamalang anak-mayaman. Isang maling akala ng ilan. Ang totoo, siya lamang ang pinagkukunan ng pamilya niya ng lahat, liban sa sari-sari store at munting babuyan ng kanyang lola.

Panganay siya sa tatlong magkakapatid na babae. Nasa third year college na ang ikalawa at fourth year high school naman ang bunso nila. Kung saang dugo man nagmula ang kagandahan niya, lubusan siyang nagpapasalamat dahil iyon ang naging asset ni Adelle upang magtagumpay sa real estate at maitaguyod niya ang pamilya.

Napapitlag siya nang marinig ang doorbell. Ang doktor na iyon marahil. Mabilis siyang nagtungo sa pinto. Nakahinga siya nang maluwag nang mabungaran ang pamilyar na mukha ng kakilalang manggagamot.

Sinamahan niya ito sa silid at habang sinusuri nito si Keith, tumawag siya sa restaurant sa ibaba ng building at nagpa-deliver ng pizza at soup. Midnight snack niya iyon at ang sabaw naman ay para kay Keith.

Nang bumalik siya sa kusina ay natagpuan niyang malamig na ang inihain niyang sinigang na hipon. Nawala na rin ang kanyang appetite. Napabuntong-

hininga na lamang si Adelle. Nagpasyang sundan na lamang niya ang doctor sa silid.

“Attorney?” masuyong tawag ni Adelle nang makabalik sa silid. Kaaalis lamang ng doktor at ayon dito, pahinga at pag-inom lamang ng gamot ang kailangan ng pasyente niya.

Napagkamalan pa ng manggagamot na nobyo niya ang abogado, hindi na niya iyon nakuhang itama.

Nakasandal pa rin ang kapitbahay niya sa headboard at nakapikit. Idinampi niya ang palad sa noo nito. Walang pagbabago sa temperatura nito. Kailangan na nitong uminom ng gamot, pero dapat muna itong kumain, lalo at halos ilabas na nito ang bituka kanina.

Unti-unti itong nagmulat ng mga mata. Halatang groggy pa rin ang lalaki. O baka hindi siya nito nakikita dahil hindi nito suot ang salamin.

“Kailangang may laman ang tiyan mo bago ka uminom ng gamot,” sabi niya at inihanda ang pagsubo rito ng soup.

“N-no... baka ilabas ko lang,” paungol at paos

nitong tugon.

“Try mo.” Inilapat niya ang kutsara rito. Sumimsim naman ito. Tinanggap nito ang mga sumunod niyang subo. Napangalahati nito ang laman ng mangkok bago umayaw. Kaagad niyang isinunod ang pagpapainom ng gamot. Pagkatapos ay inilalayan pa niya itong bumalik sa pagkakahiga.

Inayos ni Adelle ang comforter sa katawan nito bago lumabas ng silid. Saka pa lamang niya nagawang kumain.

Habang nasa mesa ay hindi niya mapigilang matawa sa sitwasyon niya. Sino ba naman ang hindi, hayun at nasa kama niya ang abogadong kapitbahay na hindi marunong ngumiti. Hindi naman ito suplado; siguro hindi lang talaga ito friendly. Pero nararamdaman niyang mabait ito at mabuting tao. She could not explain why but despite his serious aura and hard face, hindi siya makaramdam ng takot dito. In fact, when she was with him, she felt safe.

At ngayon, kailangan niya itong alagaan for humanitarian reasons. Okay lang kung mapuyat siya, tatal Linggo bukas at sa simbahan lang ang appointment niya.

Matapos kumain ay saglit siyang nanood

ng telebisyon sa sala. Ewan, sa kauna-unahang pagkakataon, nakaramdam siya ng boredom sa harap niyon samantalang dati ay boredom-buster niya iyon. Para kasing may kung anong humahatak sa kanya patungo sa silid niya—kung saan naroon ang abogadong may sakit.

Mabining tunog ng aircon ang sumalubong sa kanya nang sundin niya ang bulong sa isip niya. Mukhang nakatulog na si Keith, salamat naman. Naglatag na lamang siya sa sahig upang doon mahiga. Bago nagpasyang matulog ay dinama niya muna ang noo ng lalaki. Mataas pa rin ang lagnat nito. Napansin niyang nanginginig ito kaya nagpasya siyang patayin na lamang ang aircon. Naghanap siya ng extra comforter, pero nasa labahin na pala iyon. Manipis na kumot lamang ang nakuha niya sa cabinet. Isinama niya iyon sa nakapatong kay Keith.

Akmang bibitawan na ni Adelle ang kumot nang matigilan siya at mapatitig sa mukha ng lalaki. Obviously, he was in pain; katibayan ang nakakunot nitong noo. But his face, despite the pale lips, remained hard yet with undeniable appeal. Para sa kanya, hindi loud ang hitsura nito, hindi iyong tipong naghuhumiyaw na kaguwapuhan, pero guwapo pa rin. Basta, iba ang dating nito, hindi niya kayang ipaliwanag. But he was attractive... very much

attractive, iyon ang isang bagay na tiyak niya.

Itim na itim ang buhok nito at bronze-skinned, kaya mas mukhang athlete ito kaysa abogado.

Binitiwang na niya ang kumot, pero nanatili sa mukha nito ang tingin niya. Isa-isa niyang tiningnan ang nakapikit nitong mga mata, ang ilong, the dominant jaw at ang mga labing tila napakalambot. Masarap kaya itong humalik?

Wala sa sariling natutop niya ang bigbig sa naisip. God, hindi na yata tama ang tinatakbo ng utak niya!

Lalo pala itong nagiging guwapo habang tumatagal na tinititigan. May naisip siyang paglalarawan na babagay sa mukha ni Keith, nabasa niya iyon sa isang English novel, sikat na manunulat ang may-akda. Tama! *A face oozing with character.*

Ilang taon na kaya ito? Early thirties marahil... at bakit kaya ito single?

Natitiyak mo bang single siya? Napakurap si Adelle sa narinig sa utak. Oo nga pala, wala siyang anumang alam sa buhay nito, maliban sa pangalan at trabaho. Baka annulled ito, if not, maraming anak sa labas.

Ipinilig na lamang niya ang ulo at nagdesisyong

itigil na ang katititig sa mukha ng kapitbahay. Kahit naman ano pa ang isipin niya, he was still a man—like everyone else, destined to betray women’s trust in a relationship.

“Yeah, like my father, like everyone else...” bulong pa niya bago marahang tumayo at lumigid sa kama. Binuksan niya ang lampshade. Pagkatapos ay tinungo ang switch ng ilaw at pinatay iyon. Pagod marahil sa maghaponing trabaho ang dahilan ng mabilis niyang pagtulog.

Mga ungol ang gumising sa diwa ni Adelle. Nagmulat siya ng mga mata at nakiramdam. May umuungol nga! At napabalikwas siya ng bangon nang maalalang may pasyente nga pala siya. Mabilis siyang tumayo at binuksan ang ilaw.

Napasinghap siya at binaha ng pag-aalala ang dibdib nang makitang pabiling-biling sa kama si Keith. Nanginginig ito, mukhang labis na nilalamig. Walang nagawa ang comforter at ang kumot na ibinalot niya rito.

“God...” usal niya na gusto nang matakot. Baka kung mapano na ito. Kinapa niya ang noo nito. Bahagya nang bumaba ang temperatura, pero mainit

pa rin. Ano ba ang gagawin niya? Nagtungo siya sa cabinet at naghanap ng maaari niyang ipangkumot dito subalit wala nang natitirang kahit ano pa roon!

“Attorney... Keith!” Tinapik niya ang pisngi nito. Mapapanatag siya kung magigising ito, subalit hindi, umuungol lamang ito at patuloy sa panginginig.

Tinungo niya ang bintana at isinara ang isa. Hinayaan niyang nakaawang ang isa pa nang sa ganoon may hangin pa ring pumasok. Baka kasi siya naman ang ma-suffocate at bumagsak sa ospital kinabukasan.

Hinagud-hagod ni Adelle ang mga braso nitong natatakpan ng kumot. Napansin niyang humupa kahit paano ang panginginig nito.

Human blanket! naisip niya. *Tama.* At bago pa siya maunahan ng pagkaasiwa, pumaloob na siya sa comforter at niyakap ang binata. She tightened her arms on him. At pagkalipas ng ilang minuto, ramdam niya na ang unti-unting paghupa ng panginginig nito. Noon lamang siya nakahinga nang maluwag. Mamaya na lamang siya lilipat sa sahig.

Subalit hindi niya namalayang inagaw na rin siya antok at nakatulog.

“Adelle!”

Pamilyar na boses ng kanyang Lola Alejandra ang narinig niya mula sa kung saan. Imahinasyon lamang marahil. Sa halip na magmulat ay isiniksik niya ang sarili sa nakapang unan. Nasa Pampanga ang kanyang abuela kaya imposibleng marinig niya ang boses nito.

“Adelle!” mas malakas nang pagtawag na naging dahilan upang magmulat siya ng mga mata.

“Lola?” sambit niya at nanlaki ang mga mata sa realisasyon. “Oh, God!” Bumalikwas siya nang bangon at kaagad nakatalon mula sa kama.

She sighed in relief when she saw the empty bed. Salamat naman, lumabas na marahil si Keith. Nawala sa isip niyang sumusulpot nga pala ang kanyang lola sa condo anumang oras, at dahil kilala na ito ng mga guwardiya ay pinatutuloy na lamang nang hindi siya tinatawagan. At pasado alas nueve na pala ng umaga!

“Adelle!” Nahihintakutang napalingon siya sa pinto nang marinig ang galit na pagtawag ng matanda sa pangalan niya. Kilalang-kilala niya ito, ginagamit lamang nito ang ganoong tono kapag talagang galit.

“La?” Nanlaki ang mga mata niya nang sumalya pabukas ang pinto at iniluwa ang galit niyang lola—

kasunod si Keith!

Marahas siyang napasinghap. At bago pa man niya nagawang magsalita ng kahit ano, mabilis na nakalapit ang matanda at dumapo sa mukha niya ang isang matunog na sampal. Sapo ang nasaktang pisngi na nanatili siyang nakayuko. Alam niya ang eksaktong ikinagagalit nito.

“Kailan ka pa natutong magdala ng lalaki rito?” mababang tanong ni Alejandra, may nginig sa boses. Knowing her, nagpipigil ito ng galit.

“M-magpapaliwanag ho ako.” Nag-angat siya ng tingin at kitang-kita niya nang sapuhin nito ang sariling dibdib. Tinangka niyang lapitan ito subalit umurong ito ng ilang hakbang bago tuluyang tumalikod.

Nalilitong napalingon siya nang tumawag si Keith. Sinulyapan niya ito pagkatapos ay patakbong sinundan ang matanda na mabilis na nakasakay sa elevator.

Walang lakas na bumalik si Adelle sa kanyang unit. Ipininid niya ang pinto at sumandal roon habang sinisikap ibalik ang lakas ng tuhod. Mariin siyang pumikit matapos tumingala. Mali ang naging pagtanggap ng kanyang lola sa nakita.

Nahuhulaan na niya kung ano ang nangyari. Nahimbing ang tulog niya at si Keith marahil ang nagising sa tunog ng doorbell. Sick as he was, tinungo nito ang pinto at binuksan iyon. At inakala ng matanda na nag-uuwi na siya ng lalaki sa condo.

Sa anyo ba naman ni Keith na galing sa sakit at nanghihina pa, nag-isip marahil ng masama ang conservative niyang lola. At pinaigting pang lalo ang hinala nito nang mabungaran siyang gusot pa ang buhok at kagigising lamang.

Hindi niya ito masisisi kung overprotective ito kahit nasa edad na siya. She did not want her to suffer the way her mother had: umibig, ibinigay ang lahat at sa huli ay iniwan rin ng iresposable niyang ama.

Nang magpasya si Adelle na humiwalay ng bahay maraming taon na ang lumipas, kabilin-bilinan nitong iingat na niya ang sarili. At hindi basta-basta makikipaglapit sa kung sinu-sinong lalaki. Bilin nito na kung gusto na raw niyang mag-asawa ay wala naman itong tutol basta ipapakilala nang maayos at maikasal na muna sila bago magsama.

Malalim kasi ang paniniwala nito sa moralidad at iyon ang isang bagay na itinanim nito sa utak niya. Kaya naiintindihan ni Adelle ang galit nito. Naiintindihan niya rin kung bakit siya nito nagawang

saktan.

“Adelle.” Mababang boses ni Keith ang nagpabalik sa isip niya sa kasalukyan. Nagmulat siya ng mga mata at umayos ng tayo.

“Attorney,” sagot niya, kasunod ang ngiti. “Okay ka na?”

Nakita niyang napalunok ito at hindi nakaligtas sa paningin niya ang dumaang damdamin sa mga mata nito. Guilt. “I’m sorry,” usal niyang halos hindi na umabot sa pandinig niya. “Nabigla lang si Lola, conservative kasi iyon at masahol pa sa moralista.” Nilangkapan niya ng biro ang tono. “Ipapaliwanag ko na lang ang lahat pag-uwi ko next week.”

Sunud-sunod ang appointments niya sa linggong ito kaya wala siyang oras para umuwi sa Pampanga. Humakbang siya palapit sa lalaki at idinampi ang palad sa noo nito, pero sinadya niyang ilampas ang tingin sa mukha nito.

“Wala ka nang lagnat,” nakangiti pa ring saad niya. Ngiting nauwi sa mahinang pagsinghap nang maramdaman niyang nasa pisngi niya ang isang palad ni Keith—sa pisnging sinampal ng lola niya. Para siyang napako sa kinatatayuan. Tila may kung anong init mula sa palad nito na gumapang sa mga ugat

niya. Nawalan siya ng lakas na umurong at umiwas.

Kumabog ang dibdib niya sa hindi niya malamang dahilan. At umawang na lamang ang mga labi niya nang maramdaman niyang masuyong humahaplos ang palad nito sa pisngi niya.

“Namula ang pisngi mo,” kaswal na anito.

Hindi pa rin niya magawang magsalita. Nasaan na ba ang galing niya sa sales talk?

“Puwede ba akong sumama?” tanong nito na nagpakurap sa kanya. Ibinaba na nito ang palad.

“Ha?” Saka niya lamang nagawang mag-angat ng tingin dito. Expressive pala ang mga mata nito!

“Tutulungan kitang magpaliwanag sa lola mo.” Magsasalita sana siya upang tumutol, pero naunahan na siya nito. “It’s the least I could do. Wala ka namang masamang ginawa kagabi pero heto, nasaktan ka pa.” Bakas sa boses nito na naapektuhan sa nakita.

Wala siyang maisip sabihin. Ngayon lang yata nangyari na tinatakasan siya ng salita sa harap ng isang tao.

“Sana pala hindi na kita kinatok kagabi,” anito pa. “Pasensya ka na, Adelle. Ang totoo—”

“No,” agap niya. “Okay lang iyon, Attorney.” Sa wakas nakabawi na siya. Nagawa na niyang ngumiti. “Lilipas rin ang galit ni Lola.”

“Call me Keith, please.”

“K-Keith.”

Tumaas ang isang sulok ng labi nito at inabangan niya ang pagngiti. Pero tulad ng dati, hindi iyon sumilay. Ganoon ba iyon kahirap para sa lalaking ito?

“Lilipat na ako sa kabila,” sabi nito mayamaya at tinalikuran siya.

“Wait,” pigil niya nang may maalala. “Your medicines.” Tumuloy siya sa silid niya. “Isinulat ko sa likod ng prescription ang mga bilin ng doktor.”

Simpleng tango lamang ang itinugon nito. Puminid na ang pintong nilabasan ni Keith ay nakapako pa rin sa dahon nito ang titig niya.

Hindi man lang nagpasalamat?

3

Mabagal ang mga hakbang ni Adelle habang patungo sa elevator. Mag-a-alas-seis na ng gabi noon at kauuwi niya lamang galing sa pagsisimba.

Nang ipapasok na niya ang susi upang buksan ang pinto ng kanyang unit ay may kung anong puwersang humatak sa kanya para lingunin ang pinto ng unit ni Keith.

Ano kaya ang ginagawa nito ngayon? Magaan na kaya ang pakiramdam nito? Ipinilig niya ang ulo. Teka, bakit ba? Ano ang pakialam niya?

Naalala niyang hindi ito nagpasalamat. Baka hindi lang ito sanay mag-‘thank you’. May mga tao talagang ganoon, katuwiran niya sa isip.

Pumasok na siya sa loob ng unit. Derecho niyang dinampot ang cellphone na iniwan kanina at pinindot ang numero ng mga kapatid. Kailangan niyang kumustahin ang lola niya. Wala naman itong sakit sa puso, pero nag-aalala pa rin siya. Subalit tulad kanina, walang sumasagot sa tawag niya!

Napabaling siya sa pinto nang tumunog ang doorbell. Binitiwang niya ang telepono at nagtungo

sa pinto.

Walang tao. Pero may bouquet ng bulaklak na nasa sahig. Luminga siya sa paligid; walang tao. Kinuha na lamang niya ang bulaklak at hinanap ng card.

Hindi kita masisisi kung iniisip mong ungrateful ako. Ang totoo, Adelle, I just don't know how to thank you...

Napakurap si Adelle at napatingin sa saradong pinto ng unit ni Keith. Unti-unting gumuhit ang ngiti sa labi niya. Ganito ba lahat ng silent type na abogado? Nakangiti pa ring bumalik siya sa loob ng unit habang inaamuy-amoy ang mga bulaklak. Maraming beses na siyang nakatanggap ng ganoon, mga mamahalin pa nga. Pero ito ang unang pagkakataong na-appreciate niya ang mga bulaklak. Maybe it was not the flowers but the person who gave it.

Hindi mabura-bura ang ngiti niya habang nakaupo sa sofa sa sala. Inaamuy-amoy pa rin ang bulaklak. Kung sana personal na lamang iyong inabot sa kanya ni Keith, mas may kilig siguro. Wait, these were just simple 'thank you' flowers, ano at kinikilig-

kilig siya?

Napangiti pa siyang lalo nang maalala kung paano niya tinititigan si Keith nang nakaraang gabi. Teka, ang huling natatandaan niya, nakatulog siya habang yakap ito at nang magising siya kinabukasan, wala na ito sa tabi niya.

Nakayakap pa rin kaya siya nang magising ito? Ano kaya ang inisip ni Keith sa nakitang anyo nila? O ang naramdaman kaya? Naasiwa? Natuwa? O baka naalibadbaran dahil hindi naman siya type!

Napapitlag siya nang muling tumunog ang doorbell. Sino na naman kaya ito? Binitawan niya ang bulaklak sa sofa at tinungo ang pinto.

“Hi.” Muntik nang malaglag ang puso ni Adelle dahil sa lakas ng kabog ng dibdib niya nang mabungaran sa labas si Keith. He was wearing sando and shorts again. Basa ang buhok nito at nasamyong pa niya ang mabangong amoy ng sabon. Suot na nitong muli ang salamin sa mata.

Lihim siyang napalunok, litaw ang broad shoulders nito at ang dibdib na para bang naghihintay na sandalan... plus his muscled arms, para bang nangangako ng security.

Diyos ko, bakit siya nakakaramdam ng ganito

kay Keith?

“K-Keith.” Nauutal pa yata siya. Sa lakas ng sikdo ng dibdib ay hindi niya magawang ngumiti rito nang matamis. Para siyang tangang nakatingala lamang sa mukha nito.

Tumikhim ito na tila gustong ikondisyon ang sarili. “Hindi siguro sapat ang bulaklak lang,” sabi nito, masuyo ang tinig pero blangko ang mukha sa anumang damdamin. “I prepared dinner.” Nilington nito ang sariling unit. “Sa loob. Kapag tumanggi ka, iisipin kong hindi mo tinatanggap ang pagpapasalamat ko.”

“P-pero—”

“Ipagdadala na lang kita if you want.” Nahulaan marahil nito na nagdadalawang-isip siyang pumasok sa unit nito.

“Ahm... no, K-Keith! Ah sige, kukunin ko lang ang susi.”

“Susi?” ulit nito. “But you’re holding the keys already.”

Lihim siyang napangiwi nang yumuko at tingnan ang susing nasa kaliwang palad. “Ganoon yata talaga ang nagkakaedad, nagkakasakit ng kalimot,” biro na

lamang niya upang pagtakpan ang hiya.

“Bakit, ilang taon ka na ba?” tanong nito habang ipinagbubukas siya ng pinto ng unit nito.

“Twenty,” nakatawang sagot niya. Mas maigi yatang daanin na lamang niya sa biro ang lahat nang sa ganoon, maging magaan ang usapan at hindi nito mahalatang kabado siya. Pero bakit nga ba siya kinakabahan?

Adelle had been dealing with male clients, mas higit pang guwapo sa abogadong ito, pero kahit kailan hindi siya nakaramdam ng ganitong kaba na para bang gusto niyang pagpawisan ng malamig.

“Akala ko seventeen,” Aba! At marunong rin palang magbiro ang lalaking ito?

“Masyado mo namang pinabata hindi na tuloy kapani-paniwala,” turan niyang tumatawa.

“Hindi na ba? So how old are you really?”

“Twenty-seven.”

“Hindi pala tayo nagkakalayo.” Iginaya siya nito sa dining room. Nakahanda na pala ang mesa at tinakpan lamang nito ang mga pagkain. “I’m forty-seven.”

“Oh!” aniyang naupo sa silyang hinila nito para sa kanya. “Hindi halata ha?”

“Bakit? Ilang taon na ba ako sa tingin mo?”

“Fifty-seven,” kaswal niyang turan. She heard him laugh, isang bagay na hindi niya inaasahan kaya napatingin siya rito. Tumatawa nga ito at nang tumigil ay nanatiling nakangiti. At sa kung anong dahilan, hindi niya magawang ilayo ang tingin sa mukha ni Keith.

Tama pala ang kutob niya, mas lilitaw ang gandang lalaki nito kapag nakangiti. Kaninang nakatawa ito at nangingislap ang mga mata, may kung anong init na humaplos sa dibdib niya. Gusto niya ang tanawing nakita—ang masayang anyo nito.

“I’ll be thirty next month,” seryosong sabi nito. Nagbalik na ang anyong kinasanayan niya.

“Birthday mo next month? Date?”

“Why? Are you going to treat me to dinner?”

Napangiti si Adelle. “Ganoon na ba ang kalakaran ngayon, ang may birthday na ang itini-treat? Naiiwan na yata ako ng sibilisasyon, ah.”

“Ako lang.” Isa-isang binuksan nito ang mga nakatakip na pagkain. Tinulungan niya ito. Nasamyong

niya ang mabangong amoy ng pagkain. Chopsuey, pritong isda, chicken curry at pork sinigang.

“Wow, you cooked all these?” she asked, impressed.

Simpleng tango lang ang tugon nito. “Allow me.” Ito pa ang naglagay ng kanin sa plato niya.

“Okay palang mag-dinner dito, princess ang treatment,” biro muli ni Adelle.

“Kulang pa nga iyan sa mga ginawa mo kagabi.” Inilapit ni Keith sa kanya ang mga ulam. “If you want, kumatok ka lang sa pinto ko, hindi ako magsasawang gawin ito kahit araw-araw.”

Napatingin siya sa kaharap. Base sa anyo nito, seryoso ito sa sinabi. Ngumiti na lamang siya. “Mabait ka pala, hindi halata ha?” nakatawang biro niya.

“Bakit, mukha ba akong kumakain ng tao?”

“Hindi naman. Kumakain lang ng...” she grinned. Kumukuha ito ng chicken curry kaya dinugtungan niya ang sinabi, “...ng chicken curry.”

Nahinto sa plato ang kutsara nito, tumingin sa kanya. Tumawa siya nang magtama ang mga mata nila. Gumanti ito ng ngiti; hindi pa rin inaalis ang mga mata sa kanya.

“You’re eyes are lovely,” anito sa mababang tono. “They’re like shining stars destined to lead every lost soul back home.”

God, sino ang nagsabing hindi bolero ang abogado na ito? Nagkamali ba siya ng impresyon? Mali yata ang mga in-assume niya! Aba, siya pa nga ang nauubusan ng salita ngayon.

“T-thanks,” nag-init ang mga pisngi na tugon ni Adelle.

“I didn’t realize how cute women appeared when blushing until now,” kaswal na sabi nito habang patuloy sa pagkain. Napalunok siya at lalong nag-init ang pisngi. “You’re such one special lady,” he said and paused. Nag-angat ito ng tingin sa kanya. “Kaya hindi na ako magtataka kung ganoon ka-protective ang lola mo.”

“Hindi naman masyado,” aniya nang sa wakas ay makabawi na. “Manang lang talaga iyon.”

“Ikaw ba hindi?”

“Sa tingin mo?”

Tumigil na ito sa pagkain. Inabot ang pitsel, nagsalin at uminom bago sumagot. “Hindi ako naniniwala sa sinasabi nila na ‘you are what you

wear’.”

Ngumiti lamang siya. Inubos na lamang ni Adelle ang pagkaing nasa plato.

“Huwag mong kalilimutang isama ako pag-uwi,” sabi ulit nito pagkalipas ng mahabang katahimikan. “Don’t worry, handa kong harapin kahit ang itak ng tatay mo.”

“Walang itak na sasalubong sa ‘yo,” mababa niyang sabi; hindi naitago ang pait sa tinig. Just hearing the word ‘tatay’ made her bitter. “Wala na akong tatay.”

“Oh, sorry.”

“No, buhay siya, Keith. Iniwan kami for another woman—oh, I shouldn’t be talking about it,” preno niya at nilinga ang paligid. Sa huli ay sa relo huminto ang mga mata niya. “Past ten na pala, I need to go.”

Tumayo na siya at pinilit ngumiti. Sa pagkakaangkat sa ama ay bumigat bigla ang dibdib niya. Tumango lamang ito at tumayo na rin. Sinamahan siya hanggang sa pintuan ng unit niya.

“Salamat, nakatipid ako ngayong gabi. Masarap kang magluto. Puwede ka nang mag-asawa,” dagdag na biro niya.

“Then help me get a wife,” napapangiting turan nito. “Girlfriend muna pala,” biglang kabig nito.

Wala itong girlfriend kung ganoon? Bakit tila nagdidiwang ang kalooban niya sa balitang narinig?

Hindi kaya—no, kaagad preno ng utak niya bago pa man nabuo sa isip ang kutob. Tama. Hindi maaaring magkapuwang sa puso niya ang kahit na sinong lalaki. Kahit si Keith pa.

“Paano, sige, salamat sa dinner, Keith,”

“O hindi ka pa nag-agree na i-treat mo ‘ko sa birthday ko.”

“Oh, sinabi mo na ba sa akin ang date?”

“Twenty-five.”

Napangiti siya. “Magkaiba lang pala tayo ng buwan. That’s my birthdate also, twenty-five.”

“Month?”

“June. Sige, sagot ko na ang dinner sa birthday mo.”

“Saan tayo?”

Natawa siya sa nakitang excitement na nasa mga mata nito. “Matagal pa iyon, iisipin ko pa!”

“Sabihin mo na.”

“Fish ball lang ang dinner natin kaya huwag kang excited!”

Tumawa ito, kumislap muli ang mga mata. “Basta libre at ikaw ang kasama ko, okay lang.”

“Ows?” Tumingin lamang ito sa mga mata niya, hindi na nagsalita ng anuman. “Salamat ulit.” Itinulak na niya ang pinto ng sariling unit.

“Adelle...” Nahinto ang sana ay paghakbang niya papasok nang pigilan nito ang bisig niya. Napalunok siya bago nagawang mag-angat ng tingin dito. Naramdaman na naman kasi niya ang tila boltahe ng kuryente mula sa dampi ng palad nito.

“W-what?”

Sa halip na sumagot ay walang salitang inabot nito ang baywang niya at bago pa man niya napagtanto ang ginawa nito, she was inside his embrace. At ang dibdib na tinatantya lamang niya ang tibay kagabi ay ganap niyang naramdaman nang lumapat dito ang pisngi niya. It was as hard as rock yet, it felt warm.

Napapikit siya; may kung anong init na humaplos sa kanyang damdamin.

Hindi niya alam kung ano ang tamang gawin

nang mga sandaling iyon—itulak ito o manatiling nakakulong sa mga bisig nito?

“K-Keith,” aniya nang matauhan at kumilos sa mga bisig nito. Niluwangan nito ang yakap, pero hindi pa rin siya pinakawalan.

“Thank you for last night...” sabi nito na mas malakas lang ng kaunti sa bulong. Ngiti lamang ang nagawa niyang isagot. “Pumasok ka na.” Tumango lamang siya. “Good night,” he said softly na pakiramdam niya ay humaplos sa puso niya.

Matapos isara ang pinto ay napasandal si Adelle sa dahon niyon. Ang lakas ng kabog ng dibdib niya! Ano ang ibig sabihin niyon? Mariin niyang ipinikit ang mga mata at sunud-sunod ang pagbuga ng hangin sa ere.

Mukha ni Keith ang nakita niya sa isip. *What’s happening to me?*

Nang mga sumunod na araw ay hindi na niya nakakasabay sa elevator o nakakasalubong sa hallway si Keith katulad ng dati. Nagbago marahil ito ng oras ng pag-alis at pagdating. O baka busy masyado sa korte.

Teka, bakit ba? Ano ba ang pakialam niya sa lalaking iyon?

Wala, pero bakit ilang araw nang okupado nito ang isip niya?

Sunud-sunod ang ginawa pagpilig sa ulo ni Adelle. Walang kahulugan ang nararamdaman niyang iyon.

Tulad ng ilang umagang lumipas, matapos niyang isara ang pinto ng unit niya, bago humakbang patungo sa elevator lagi na ay napapaligon siya sa saradong pinto ni Keith.

Nasa loob kaya ito? Ano ang ginagawa nito? Bakit kaya hindi na niya ito nakikita?

Why, Adelle, you missed him?

“No,” mariin niyang tugon sa tanong na gumitaw sa utak. Itinuloy na lamang niya ang mabagal na mga hakbang patungo sa elevator habang tinatawagan ang numero ni Andrea, ang pangalawa niyang kapatid.

Hanggang ngayon ay nagtataka pa rin siya kung bakit ilang araw nang hindi sinasagot ng dalawang nakababatang kapatid ang mga tawag niya, maging ang text messages. Tulad ng dati, nagri-ring lamang ang kabilang linya. Tinapos niya ang tawag. Seconds

after, tumawag siya ulit. Matagal na ring lamang ang naririnig niya.

“Ano ba!” usal niya na handa na sanang tapusin ang tawag na naudlot nang marinig niya ang boses ni Andrea.

“Ate,” pabulong nitong sabi.

“Andrea!” bulalas niya. “Tawag ako nang tawag diyan, bakit hindi ninyo sinasagot ni Angelika? Pati ang mga text ko! Sira ba ang cellphones n’yo?”

“Pinagbawalan kami ni Lola. She confiscated our phones. Alam mo naman ‘yun, kahit ganoon iyon, takot rin kaming tulad mo,” sabi pa nito. “Nasa kuwarto niya ako ngayon, nagkataong nasa banyo siya kaya nagawa kong sagutin ang tawag mo. Ano ba kasi’ng nangyari diyan at nagagalit siya, Ate?”

“Mahabang kuwento,” sagot niya. “Nakapila ang trabahong dapat kong harapin ngayong linggo kaya hindi ko magawang umuwi diyan agad. This weekend pa ako makakauwi, saka na ako magpapaliwanag. Kumusta siya?”

“Isinugod namin sa ospital isang oras matapos dumating. Nanikip ang dibdib at hindi makahinga.”

“What!” Napahinto siya, biglang gustong

panghinaan ng tuhod. Napasandal na lamang siya sa dingding katabi ng pinto ng elevator habang lukob ng pag-aalala ang dibdib. At mamamatay pa pala ito nang wala sa panahon. *Dear God...*

“Don’t worry, okay na siya, Ate. Ang sabi ng doctor, dinidibdib raw masyado ni Lola ang kung anumang balitang natanggap. But she’s safe, so is her heart.”

“Andrea—” Pinindot niya ang button ng elevator kasabay ang sana ay pagbibilin sa kapatid.

“Si... si Lola, Ate, palabas na. Hihintayin ka namin this weekend,” kasunod noon ay nawala na sa kabilang linya ang kapatid.

Napabuntong-hininga na lamang na ibinalik ni Adelle sa bag ang cellphone. Ito pa ba ang kabayaran ng ginawa niyang pagtulong sa kapwa?

Mariin siyang pumikit at isinandal sa dingding ang ulo. Tiyak na mahaba-habang paliwanag ang kailangan niyang gawin.

Hindi niya pinansin ang mga yabag ng kung sinong palapit.